


Mga Landas ng Desisyon para sa mga Sintomas sa mga Sentro ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon at mga Paaralang TK-12

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County
Binago noong: 8/15/2022

Mga Landas ng Desisyon para sa *mga Bata* na may mga Sintomas

Mga Landas ng Desisyon para sa mga Bata na may mga Sintomas Bago Pumasok¹ sa Institusyong Pang-edukasyon, Hindi alintana ang Katayuan sa Pagpapabakuna

¹Kung ang bata ay naging masama ang pakiramdam sa pasilidad, ilagay ang bata sa lugar ng pagbubukod (pisikal na malayo sa nagbabantay, mas mainam sa panlabas na lugar) at sundin ang mga landas ng desisyon na inilarawan sa ibaba.




¹ Ang mga sintomas na naaayon sa posibleng impeksyon ng COVID-19 sa mga bata na kinabibilangan ng: lagnat $\geq 100.4^{\circ}\text{F}$; bagong ubo (iba sa batayang sinusunod); pagsusuka o anumang bagong simula ng pagtatae). Kung ang mga sintomas ng bata ay hindi naaayon sa posibleng COVID-19 ngunit may alalahanin pa rin, ang pagsusuri sa bata ng isang medikal na tagapag-alaga ay inirerekomenda.

²Ang dayagnostikong pagsusuri sa virus ng COVID-19 ay kinabibilangan ng Nucleic Acid Amplification Test, tulad ng PCR, o mabilisang pagsusuring antigen (kabilang ang hindi kailangan ng reseta, o mga pagsusuri sa bahay). Ang mga pagsusuring PCR ay itinuturing na ang pinakatumpak na pagsusuri para sa COVID-19, ngunit alinman sa PCR o mga mabilisang pagsusuring antigen ay maaaring gamitin.

Mga Landas ng Desisyon para sa *mga Empleyado* na may mga Sintomas

Mga Landas ng Desisyon para sa mga Empleyado na may mga Sintomas Bago Pumasok¹ sa Institusyong Pang-edukasyon, Hindi Alintana ang Katayuan sa Pagpapabakuna

¹Kung ang empleyado ay naging masama ang pakiramdam sa pasilidad, ilagay ang empleyado sa lugar ng pagbubukod (mas mainam sa mga panlabas na lugar, pisikal na malayo sa nagbabantay) at sumunod sa mga landas ng desisyon sa ibaba.




¹Ang mga sintomas na naaayon sa posibleng COVID-19 sa mga matatanda: lagnat $\geq 100.40^{\circ}\text{F}$ o pakiramdam na may sakit (pagkaginaw, pinagpapawisan); ubo; kinakapos sa paghinga; bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy; pagkapagod; sipon o baradong ilong; sakit ng kalamnan o katawan; sakit ng ulo; nananakit na lalamunan; pagkahilo o pagsusuka; pagtatae. Kung ang mga sintomas ay hindi nakalista ngunit alalahanin pa rin, inirerekomenda ang karagdagang pagsusuri ng medikal na tagapag-alaga.

²Ang dayagnostikong pagsusuri sa virus ng COVID-19 ay kinabibilangan ng Nucleic Acid Amplification Test, tulad ng PCR, o mabilisang pagsusuring antigen (kabilang ang hindi kailangan ng reseta, o mga pagsusuri sa bahay). Ang mga pagsusuring PCR ay itinuturing na ang pinakatumpak na pagsusuri para sa COVID-19, ngunit alinman sa PCR o mga mabilisang pagsusuring antigen ay maaaring gamitin.

Mga Landas ng Desisyon para sa mga *Nakasalamuha (bata/mag-aaral o empleyado/kawani)* ng isang *Potensyal na Nahawahang Indibidwal*

Mga Landas ng Desisyon para sa mga Nakasalamuha ng Potensyal na Nahawahang Indibidwal sa Isang Institusyong Pang-edukasyon

Ang **potensyal na nahawahang indibidwal** ay indibidwal na may ≥ 1 na mga sintomas na naaayon sa posibleng COVID-19¹. Sa mga kapaligiran ng TK-12 at ECE, ang mga malapitang **nakasalamuha ng potensyal na nahawahang indibidwal** ay mga taong nakasama sa parehong panloob na espasyong hangin O nasa loob ng 6 na talampakan ng taong may COVID-19 para sa kabuuan na 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon habang sila ay nakakahawa².



Ang walang sintomas (asymptomatic) na mga malapitang nakasalamuha ay **HINDI** kailangan na magkulong (quarantine) ngunit **inaatasan** na:

- (1) Subaybayan para sa mga sintomas nang 10 araw kasunod ng huling pagkakalantad.
- (2) Magsuot ng mataas na antas na nakapagpoprotektang maskara sa paligid ng iba sa mga panloob na lugar (indoors) kung edad 2 taon pataas, maliban kapag kumakain o umiinom, nang 10 araw pagkatapos ng huling petsa ng pagkakalantad.*
- (3) Magpasuri sa isang pagsusuri sa virus ng COVID-19 na awtorisado ng FDA (hal., pagsusuring PCR o antigen, kabilang ang mga pagsusuri sa bahay) sa loob ng 3-5 araw mula sa huling petsa ng pagkakalantad.**

*Ang mga mag-aaral/bata na edad 2 taon pataas na may eksemasyon ng maskara ay maaaring magsuot ng panangga sa mukha na may tela sa ilalim o dapat na magpasuri ng isang beses sa pagitan ng mga 3-5 na araw at isang beses sa pagitan ng mga 6-9 na araw para manatili sa mismong lugar (site). Ang mga bata na wala pang 2 taong gulang ay **hindi** dapat na magsuot ng maskara. Sumangguni sa [Plano ng Pamamahala sa Pagkakalantad sa TK-12](#) o sa [Plano ng Pamamahala sa Pagkakalantad sa ECE](#) para sa mga karagdagang detalye.

**Kung nagkaroon ka ng COVID-19 sa huling 90 araw, hindi mo kailangan na magpasuri maliban kung magkakaroon ka ng mga sintomas.

Kung ilalapat ang kahulugan ng nasa loob ng 6 na talampakan ng nahawahang tao nang 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon para sa mga malapitang nakasalamuha sa mga silid-aralan o mga kapaligiran na kahalintulad na sukat, ang lahat ng iba pang mga indibidwal na nakasama sa parehong panloob na espasyo ng hangin kasama ang nahawahang tao nang 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon ay dapat na maabisuhan na sila ay nagkaroon ng potensyal na pagkakalantad at pagpayuhan na sundin ang nasa itaas na gabay para sa pagsusubaybay sa sintomas, pagmamaskara (kung edad 2 taon pataas), at pagsusuri.

¹Ang **mga sintomas** na naaayon sa pamantayan ng COVID-19 ay iba para sa mga bata at matatanda, tingnan ang slide 3 para sa pamantayan ng bata at slide 5 para sa pamantayan ng matatanda.

²May iba't ibang pamamaraan para sa pagtukoy ng mga malapitang nakasalamuha sa mga kapaligiran ng ECE, TK-12, at IHE. Sumangguni sa plano ng pangangasiwa ng pagkakalantad na nauukol sa kapaligiran para sa mas marami pang detalye: [ECE](#), [TK-12](#), [IHE](#)

³**Nakumpirma na ang pagkakalantad** para sa malapitang nakasalamuha ng potensyal na nahawahang indibidwal kung ang lugar ay nakatanggap ng abiso na ang potensyal na nahawahang indibidwal ay nagkaroon ng positibong dayagnostikong pagsusuri sa virus ng COVID-19 o tumanggap ng dayagnosis sa COVID-19 mula sa medikal na tagapag-alaga.